# Sa Kanilang Susunod
# *Isang Kalipunan ng mga Tula*

*Charles Bonoan Tuvilla*

## Kailangan ng Ilaw sa Maraming Lugar

Bulag lamang ang nangangapa sa lungsod ng karatula't etiketa,
silang may tungkod na kumakalmot sa gaspang ng aspalto; silang
may basyong napupuwing sa kalansing ng mga mamiso. Madalas,
alam ko ang hinahanap ko. Ang problema, may mapa ng santelmo

sa aking palad. *Kailan ka pa lalakad?* Ekisan ang mga walang-petsang
kahon sa kalendaryo. *Saan ang tagpuan?* Hanapin sa punit na pilas
ng lumang talaarawan. Mabuti na lang, madawag kung humawan
ang bagamundong hakbang, lumalamog sa kongkreto ang rapas

na talampakan. *Saan na nga ba ako?* Kailangan ng ilaw sa maraming lugar.
Madilim ang mga kalsada at hindi ko maikubli ang takot. Gaya ng bawat
posteng nalalampasan, kumakapit sa aking paa't bisig ang sangsang
at dahak ng mga kalye't eskinita— sulputan ng iba't ibang kulay at hugis

ng supot, basura, poot. May ningas ng pagkapanatag sa bawat
estrangherong nalalampasan— sa may barandilya, ang nakabalagbag
na taong-grasa; sa paanan ng abandonadong pabrika, ang mag-inang
namimitas ng bote't lata. Bata pa ma'y natuto na tayong yumukod:

*makikiraan lamang po,* itutupi ang katawan, magsasalikop ang mga palad,
marahang hahakbang. Muli, madilim ang lungsod. Lilingunin mo ang
natutunaw na anino, liliko sa mga sukal ng agam-agam, susuyurin ang
gawa-gawang abenida ng mga diwata't aswang. *Nagdarasal ka pa pala?* Sa
dambana

ng kongkreto't bakal, binubusalan ng sanlibong atungal ang mga usal: *tabi-tabi-po*. Matagal nang naihalo sa graba't semento ang sandangkal na tore ng punso. Sa pagtawid, aandap-andap ang bombilya. Nangangapa sa tambak ang mag-ina, tila nagbubungkal ng bisig para sa pundidong parola.

## Ayon sa Matatanda

May sandaang baitang ang Sentinela,
ngunit tuwing binabalak mong bilangin
at balikan ang hakbang: *may nag-aabang*
*sa Lungsod, masama ang panahon.* Doon
sa bangin, tanaw ang lahat, iyong winika.

Panay marurupok na sulok ng sindak at bitak-
bitak na suhay ng pangamba ang itinirang muhon
ng alaala: ang kalawanging bakod ng maliit
na kapilya, ang nakangingilong amoy mulang silid
ng dentista, ang sanlibong kalmot ng dama

de noche sa iyong binti habang hinihila ka
ng hingal at kinakaladkad mo paakyat
ang pagal mong katawan. Saglit.
*Balang-araw, makikita mo,* dahil panay likod
ng mga panganay mong pinsan ang iyong sinusundan.

*Balang-araw, makikita mo* dahil hindi pa kayang bitakin
ng iyong pagkuyom ang bubot na bunga ng bayabas,
habang minsan na silang ngumata ng mga dahon nito't
lumusong sa ragasa ng Ilog Bago. Hindi lang ako,
hindi lang ako. Bago ako, may ilan ding sumugod

sa mga misyon ng kamusmusan, kaming yumakap
sa leeg ng tuyot na palapa, kaming sumisid
sa mga lunting dila nitong burol, kaming kinaladkad
sa tarik ng mga kawing-kawing na braso
ng mga baging at sanga, kaming nagtampisaw

sa alabok-putik ng matandang lupa, kaming
hingal na humimlay sa buntong-hininga
ng mga nangangalukipkip na makahiya.
Hula ko, nagkagalos ako sa siko't palad, nagpaukit
ng mababaw na sugat sa tuhod at balikat. Mga pilas

sa laman na ramdam at naungkat lamang
kinabukasan. Nabanggit ko na ito di ba?
*May sandaang baitang ang Sentinela.* Minsan, babalik
tayo doon, ituturo ko kung saan kami nadulas.
*Balang-araw:* Dito kami nabuwal, nawalan ng kakapitan.

Dito, may naghihingalo't nakaluhod na kubo.
Doon, ang maghapong pagsusuklay ng hangin sa parang.
Narito ang pilat, narito ang lamat sa sakong, narito
ang mga gumuhong hakbang, at narito ang sugat, tignan mo.
Dito ka muna, hahanapin ko sandali, *makikita mo.* Makikita mo.

## Sa Paghihintay

Who looks outside, dreams.
Who looks inside, awakens.
*Carl Jung*

Bumabangon nang muli ang mga upuan.
Gaya ng mga tuyong dahon ng ipil, nagkalat
ang mga turista, akbay ang kayumanggi nilang

nobya. Binubulabog na ng mga banyagang
tugtugin ang siesta ng alon at bato, habang abala
sa pamimingwit ng suki ang mga waiter, pain

ang serbesa't bagong-hangong talaba. Dinudungisan
ng mga magkasintahan ang orisonte sa aking tapat,
kanina lamang ay isang bughaw na telon, hitik

sa mga pisngi ng ulap. "Baka gusto ninyong pumasok,
Boss," mungkahi ng serbidora. "Mukhang uulan."
Hindi ko ito napansin. Halos apat na oras na rin.

Matagal ko nang hindi nakakasalamuha ang tabing-
dagat. Lalo pa't walang buhangin dito: plastik
at kongkreto ang nasa talampakan ng breakwater.

Kinakalawang ang hanggahan, ang sampayan
ng mga di-matuyong agam-agam. Isa-isang hinila
ng guwardiya ang ilang upuan, pagsang-ayon sa hinagpis

ng hangin. Apat na oras. At nang rumagasa na nga
ang mga supling ng maghapong pagtitimpi ng ulap,
niyakag nila ang mga tao tungo sa mga gawa-gawang

bubong ng paligid; mga daliri ng niyog, ang braso
ng poste, ang mga di-inaasahang silong sa mga biglaang
dalaw ng ulan. May nagbukas ng payong, naglunsad sa karera

ng sanlibong alabok. Ilan na ba silang naligaw lamang
sa gubat ng ambon? "Pasok na, Boss," himok ng guwardiyang
nakakapote ng itim. "Matagal pa 'yan." Sa loob,

pagkapikit ng pinto, parang tumila na sa labas: kita
ang pagdadalamhati, ngunit hindi marinig ang paghikbi.
Maraming nakiramay, silang nakasilong, nagluluksa

sa walang-tilang ulan, tila naghihintay na lumampas ang karo
ng di-kilalang bangkay. Maya-maya, ang paghuhukay
ng takipsilim; Maya-maya, ang libing ng maraming hindi-pagdating.

## Sa Kabilang Banda

*Kapayapaan ay laging sumainyo.*

*Patak* Nakatamdag ka sa batya, hinihintay ang *patak* pagsasamukha ng kanina'y *patak* parang tenga, parang ilong, ito yata *patak* ang bibig, ngayo'y balikat sa nakalutang *patak* na ulap ng kandila, patak.

May dalagang kinulam. May langib na puting rosas ang nagnanaknak niyang balat.

*Ang masama, bawal siyang tulungan.*

Tuwing kumakatok siya sa aming mga pinto, umaambon ng sampaga sa aming bayan. Dito kami natutong magtayo ng mga tahanang gawa sa pinto; bawat bisagra't bintana ay kapwa yakap at taboy.

*At sumainyo rin.*

Sa halip, nagsasatitik ng konstelasyon ang mga kalawang sa pusod ng itim na batya. May pangangati ang palad. Dito nalulusaw ang pulso. At gaya ng pagpapatunay ng lobo sa isang kantang-bayan, ang langit ay pugad ng apoy at subyang. Silang nakatingala, silang nakaturo, silang araw-araw na binabati.

## Sa Ipinaglalaban

Nakayukayok
ang kinakalawang na tuktok
ng isang latang hindi matama-

tamaan, habang naghihingalo

sa mababaw na burak
ang mga walang pares
na tsinelas,

nilalangaw.

## Sa Paglingon

Narinig mo na ito minsan: *Muli't muli, lumilingon*
*sa mali.* Kung kanino, hindi mo maalala. Marahil,
sa isang lumang kaibigan, o maaaring sa estranghero—
nakasalubong mo sa botika habang bumibili ka

ng pampatulog, at siya, naglilimayon, nakatalikod.
*Kilala kita, kilala kita.* Pansinin ang isang matangkad
na estante sa sulok. Dati, sapat na ang karton. Ngayon,
nakatingkayad mong binubuksan ang marupok

nitong pinto, tila pagbabaklas sa dibdib
ng matandang anghel. Narito ang imbakan
ng paborito mong medida, karayom, sinulid.
Sa bandang itaas, pingas na labi ng tasa.

Sa tapat ng iyong kaliwang dibdib, sandangkal
na litrato. Nakapagtataka: wala ito sa loob ng kahon.
Alam mong hindi ito ang unang pagkakataon.
Nasabi mo na ito minsan: *ang mahalaga,naalagaan.*

Ilang gabi ka na bang nilalagnat? Sa umaga,
tila punit na seda ang talukap ng iyong mata,
mga retaso ng mga di-sinasadyang pagluha.
Tulad ng dati, wala kang maalala sa iyong

panaginip. Muli't muli, ang mulat na pagkalinsad
sa mga di-pamilyar na *halika na, halika na.* Babangon ka,
at sa paglingon, ang iba't ibang wika ng lungkot—
ang hungkag na matres, ang kuyumos at tagpi-tagping kumot.

## Sa Panahon

*Pwede bang itigil muna ang pag-ikot ng mundo?*—Eraserheads

I.

Siguro, pero nasabi mo na ba sa kanilang
may mga hinihintay? *Unang iyak,*
*kalansing ng barya, Linyang may pitong pantig,*
*bus pabalik ng probinsiya.* Lagi,
ang sampikit na pag-alis. Tag-ulan:
napapadalas na ang pagsibol
ng mga bulak-pawis sa ilang bagay
na walang-hininga, at gaya ng dingding
ng aking iniwang silid, tila pinupulbusan rin
ng amag ang aking dibdib.
Lamig, marahil, ang pataba sa luksa't
panimdim; isang bote ng nagyeyelong tubig
na isinuksok ng dalaga sa bulsa ng kanyang bag,
inuunti-unti sa daan, ipinandidilig sa ligamgam ng inip.

II.

Sa kabila, may matandang nakadungaw. Mapapansin ang ilang palapag ng guhit sa noo, mga lamat ng taon sa leeg, ang mga alon ng pangungulubot na tila mga tikom na labing ayaw nang bumigkas ng pagsalubong o pamamaalam, ngunit parang may inuusal maging sa kanilang katahimikan. Maliban sa taludtod ng mga alamat na narinig at kinabilangan niya, tiyak na may lihim siyang bulsa. Nakasilid dito ang isang tampiping may ngipin ng sanggol, mga hibla ng buhok, at sandakot na alabok.

III.

*minsan*
          *walang*
*malay*
          *minsan*
*h a b a n g   buhay*

*Halimbawa:*

Linyang may pitong pantig.
Linyang may pitong pantig.
Linyang may pitong pantig.
Linyang may pitong pantig.

IV.

Nakatigil ang bus sa ngayon. Matagal ka nang hindi nagiging bahagi ng ganitong kadiliman. Kukunin mo ang iyong kuwaderno, at isusulat: *Nakapikit ang gabi*. Bigla mong naalala ang isang mama sa lungsod na nag-alok sa iyo ng makintab na relo: "Boss, tunay ito, tunay ito." Hindi ito totoo. Tatanungin mo ang matanda kung nasaan na kayo. Sasagot siya; "*San Fernando*." Malayo-layo pa. Tatanungin mo rin siya kung anong oras na. Sasagot siya; *"sa kasalukuyan*." Hindi *na* ito totoo.

V.

Sa katunayan, may pulubing
kasama dito. O misis na may kipkip na sanggol.
O mamang putol ang paa. Para sa isa sa kanila
ang pag-aabang ng *kalansing ng barya*.
Patawad, ngunit hindi sila makararating.
Tag-araw sa kanila.

VI.

*Gaano kapayapa ang pag-alis?*

Mas marami't malalim pa ang lubak ng iyong sariling talampakan kaysa sa mga kalsadang iyong daraanan.

*Gaano kahirap ang pagbalik?*

Tanging mga bayan ng San Juan, Santa Catalina, Santa Cruz, Santa Lucia, San Ildefonso, Santa Maria, Santo Domingo at ilan pang mga ngalan ng santo ang iyong maaalala.

VII.

*Narinig ko na ito dati.*
*Alam ko na ito.*

Nagbalik ang matanda, sa wakas. Gaya ng inaasahan, ang pagsalubong ng hangin: iniwan ang aplaya't bundok, kinalampag ang kampana't iwinagwag ang sanlibong banderitas ng lumang bayan. Magtitipon ang mga tao sa liwasan, at sa pagsisimula pa lamang ng kanyang pangungusap; *Noong unang panahon, noong isinilang ang alabok at bagong dilat ang langit, habang inaamag ang mga eskaparate't kisame ng aking dambuhalang silid,* ay inaabangan na nila ang pagtila ng hinala sa dibdib, ang panghuhula sa dulo ng kuwento't kani-kaniyang bugso ng ambon, ang habambuhay na pagtatagpi-tagpi sa mga haka-haka ng alaala, ang pagpili ng tauhan at katauhan, ang paglingon at pagbalik ng panahon, ang pagpapalit-daigdig.

## Simula, kanina, ambon,

Ngayon, ito

tila
umuulan
dito
titila
ito

lamang,
ako
lamang
na naman

silang
ilang
pagsilang
ilang

ulit
palagi
ulit
na lang
lagi-lagi,
paulit-ulit
na lamang. Minsan.

Minsan. Alam
mong, tulad

ito nito. Ngayon

parang kanina
na naman
at muli,

mamaya, minsan. Ilang
*minsan na.* Minsan lang (na)

naman.

## Sa Pagtambay

I.
May basag na naman
kagabi. Kasama ang ilang tuyong bulaklak
ng naghihikab pang bogambilya, hinakot ko
ang mga bubog. May pipilay-
pilay na pusang tumawid. Nakakainip.
Sana dumating na
ang pansit.

II.
Nagbuhat din ako nang
bagong-lipat sila dito. Ngayon,
pinili kong ilabas
ang mga ipinasok ko rin noon. Halos
wala nang natira. Nang mag-isa kong itinawid
ang mesa sa pinto, napunit ang ngiti
ni Mayor sa poster. Ang mahalaga,
nakalusot.
Nakakapagod.

III.
Paikot-ikot,
                        magkatalikod
ang mga askal, nais nang makawala
sa isa't-isa. Nagkasalubong
ang tatlong butiki sa abenida
ng pader. Hinihigop na ng sulok
ang mga anino. Pauwi na
silang lahat.

IV.
May pusang
pisa sa gitna: pasador sa hiwa
ng daan. Marahil, huli na
niyang buhay.
Habang mahimbing ang matandang
poste, pinapatahan na rin ang videoke;
*"Are you having fun yet?"* Sandali na lang,
papatayin na si Sinatra.
Maagang magsasara ang bahay-
aliwan. Maaga-aga rin akong
                mag-aabang
muli, sa pansitan.

## Sa Mga Pagitan

Marahil, angkop lamang na magmungkahi ng simula't hanggahan: isang silid, may hubad na banig, ang mabigat na langitngit ng pintong nasa bingit ng bukas-pinid. "Tumuloy ka" ang nais kong sunod na sabihin, subalit nakahahakbang ka na, ipinasok maging ang sapatos, at nambulabog. Ang ibig kong sabihin, pinunan mo ang namamayaning bulong, nakakulong. Pansinin ang pilapil ng sapot sa kisame, ang pagbibigay-anyo ng sinag sa humuhulagpos na anino. Gaano na nga ba katagal sumisilip ang sariling tsinelas? Sa kabila ng lahat, ang busina tuwing alas-siyete ng umaga, na magiliw nating sinasalubong ng ating mga basura.

Pangalanan natin ang mga pagitan; ang puwang sa pagsilang at kawalang-ngalan, mga alinlangang di winika't sa lambat ng dila na lamang iniiwan. Madilim pa, ngunit maliwanag sa ating *umaga na*: inilalatag ng matador ang mahimbing at kalahati-na-lamang na katawan ng baboy sa tabla, unan ang duguang sangkalan. Ilang beses na bang nagkulang ang tiyak? Minsan, dumudungaw ang ganap sa mga agwat; kadalasan, lungkot, hadlang: ang butas na tubo sa kalsada, mga alon mulang bakas ng basang gulong sa tag-araw, ang pagpikit ng dalampasigan, ang paghahanap sa mga hakbang. Sapat na ba ang mga patlang? Sa sulok, malaon nang nilipol ng mga insekto ang hukbo ng mga basyo ng serbesa, at tila nagtatapat ang pader na, *lagi, sa aki'y may lagusan: balikat, katawan, bintana, hanggahan, pinto, pagitan.*

Ganito: madilim ang tabing sa bawat hikbi't tibok, at sa pamamagitan, nag-uukol tayo ng pagkukulang. Ito, *katahimikan*. Saglit. Dito, *ang simula*. Nakarating na ba sa iyo ang lumang kuwento tungkol sa pagpapalit-tahanan ng dila at puso? Nauutal ang mga hulagway sa ating paligid, at nagsisimula nang pagdudahan ang mga di-pa-nasabi. Samakatwid, lalo na ang mga di-na-masabi; tulad nito: *kanina*, binuksan mo ang bintanang matagal nang tikom at tila kapuwa tayo naumid sa buntong-hininga't daing ng buong silid. Animoy lumingon din ang puno ng mangga, kaya't nabitiwan ng mga sanga nito ang mga dilaw na pusong hinog-sa-pilit; bumulusok, pumutok ang mga dibdib. May nasabi ba ako? Tanghaling-tapat at sa huli, taimtim ang nais na huwag malupig ang *ngayon* at ang *loob*, nakatanghod, sinisiyasat ang mga buod ng pagsasara: *balikat, katawan, bintana, hanggahan, pinto, pagitan.*